Misa sa Ngalan ng Espiritu Santo

Juan 20:19-23

Hindi nalalayo sa ebanghelyong ating binasa ang hinaharap nating buhay ngayon:

Unang araw ng AY 2020-2021
ang mga Letranista ay nagkakatipon
Nakapinid ang mga pinto
Natatakot sila sa COVID19.

Opo. Unang araw ng klase, muntik pa tayong madamay sa pahayag ng DEPED noong nakaraang Viernes; gustuhin man natin na pumunta dito sa Letran ay hindi tayo papayagan. Maraming pinto ang nakapinid – pinto sa inyong mga bahay; checkpoints sa barangay at sa boundary ng mga bayan at lungsod; lagusan dito sa Intramuros; pintuan ng Letran na binabantayan ni Amar at Villegas. Kung hindi man nakapinid, pahirapan sa pagpasok at paglabas.

Opo. Natatakot tayong lahat, natatakot tayong mahawa nitong COVID19; natatakot tayong magkasakit; natatakot tayong mamatay; natatakot tayo na bumaba ang bilang ng mga nag-enroll at tuluyan nang magsara ang Letran; natatakot tayo na mawalan ng trabaho; natatakot tayo na mabawasan ang sweldo; natatakot tayo sa pagbagsak ng ekonomiya ng bansa; natatakot tayo sa pagkasira ng mga pangarap at plano; natatakot tayo sa katakot-takot na kinakatakutan.

Ngunit, Dumating si Hesus,
tumayo sa gitna nila,
at sinabi, SHALOM!

Sumainyo ang kapayapaan. Manahimik kayo. Huwag magpapanic. Kalma lang. At yan ang pambungad na bati ng Panginoon sa atin sa taon na ito.

Sa mga nangangamba, Kapayapaan. Sa nag-aalinlangan at nag-aalangan, kapayapaan. Sa naguguluhan at nagugulumihanan, Kapayapaan. Sa nagdududa at nanghihina ang loob,

Kapayapaan. Sa naduduwag at natatakot, Kapayapaan. Sa nag-aaway, nagtatampo, sa may sama ng loob, Kapayapaan.

At pagkasabi nito,
pinakita ni Hesus sa kanyang mga alagad
ang kanyang mga kamay at tagiliran…

Pinakita ni Kristo ang kanyang mga sugat. Sa ganitong diwa, pinapakita rin ng Letran ang kanyang mga sugat - tatagilid ang ating kaban, masasaid na ang bulsa, mauubos na ang yaman, lumalaki ang pagkalugi, lumalaki ang utang; ang Letran Bataan, dagdag-pasanin pa natin; marami sa ating mga plano, lalo na para sa Quadricentennial ay maisasan-tabi muna natin; ang masakit nito, lalo na para sa rector, nagbabawas tayo ng tao. Literal tayong pinapako ng pandemyang ito. Ito ang ating mga sugat – sariwa, nagnanaknak, nagdurugo. At natitiyak ko na kayo ay may mga sugat din; yung ilan, baka mas malala pa nga.

Subalit sa pananampalataya natin sa pagkabuhay, ang mga sugat na ito, mag-iwan man ng bakas na peklat, ay gumagaling na. Sa pagharap natin sa hirap, sa pagyakap natin sa saklap, sa pagbata natin sa krus, sa pagdapa at pagdipa natin, pagsadsad, paggapang sa lusak, sa sapilitan at kusang pagpapababa ng loob, makikita natin ang Panginoon sa ating pasakit, at makakamit natin ang biyaya.

At sila ay hiningahan ni Hesus at sinabi,
"Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo…"

"Kung paanong sinugo ako ng Ama,
gayon din naman, sinusugo ko …

Sa matagal na panahon at tila tatagal pang panahon ng Quarantina, Huminga tayo. Magpahinga. Huminga nang malalim. At anuman ang nakulob at nakulong, ibilad, ipagpag, pasingawin, pahanginan. Magpanariwa tayo. Maglinis ng labas at loob ng silid, tahanan, tanggapan; maglinis

ng kalooban – magpatawad at humingi ng tawad; magsisi sa kasalanan, matuto sa mali; gawin ang tama; magpursigi sa pag-unlad at pag-usad ng ginagawa at ginagampanan; kumapit sa Diyos na Siyang tunay na magliligtas, tunay na magpapagaling, tunay na bubuhay sa atin.

Kaisa ng lahat ng paaralan, mariin nating pahayag: TULOY ANG MISYON NG EDUKASYON! TULOY ANG PAGTUTURO, TULOY ANG PAG-AARAL, TULOY ANG PAGLILINGKOD NG LETRAN. Ang bagong buhay na pinagkakaloob sa atin ay binabahagi natin. Ang sariwang hangin, ang sariwang hinga, ang diwang Arriba – yan ang umiiral sa lahat at bawat ginagawa natin – mula sa Strategic na Plano ng Colegio, sa Business Continuity and Recovery Plan, sa Letran Laban COVID, sa Let's Flex, sa mga Primers, sa pakikipag-usap natin sa mga guro at empleyado, sa mga mag-aaral at magulang, sa mga alumno, atbp, mga webinars, sa mga modules, sa mga palatuntunang tinatanghal natin sa paraang on-line katulad ng Misang ito, sa mga paghahanda ng ituturo, sa pagdaraos ng klase, sa maraming bagay at balak na pinag-isipan, pinag-usapan, pinagtalunan, pinagpuyatan, pinaghirapan – taglay nito ang tatak Arriba; sa mga ito, pumatak at dumanak ang pawis at dugong Arriba; ito ay atin, Letran ito. Sapagkat ito ang habilin sa atin, ang dahilan kung bakit tayo sinusugo, kung bakit tayo nagsusumikap sa loob ng apat na daan-taon.

Kaya nga, sa pagpapasinaya natin sa AY 2020-2021, marubdob nating hiling at panalangin – ang Espiritu Santo nawa ay manatili at manahan sa atin, lalo na sa mga pagkakataon na mahina tayo, nalalabuan at nadidiliman tayo, na susuko na tayo. Alihan Niya nawa tayo, lukuban, saniban, at pagharian ng Diyos sa ating mga balakin at lakbayin. Huwag tayong iwan, lagi tayong samahan, pag-isahin tayo, hubugin sa tunay na diwa ng Shalom – kapayapaan, kalusugan, kabuuhan, kabanalan.

Halina, Espiritu Santo! Halina, Letran! Arriba Letran!

17 Agosto 2020